# Tapatan sa Bandera

## JUN-JUN BINAY

PANGALAN ng ama ang nakataya sa labang susuungin ni Makati Councilor Junjun Binay sa pakikipagtunggali nito kay Vice Mayor Ernesto Mercado. Makayanan kaya ni Junjun ang pressure ng laban at tawagin pa rin kayang "Binay country" ang Makati ma-tapos ang 2010 elections?

Narito ang panayam ng Bandera kay Junjun.

**BANDERA: Ano po ang dahilan kung bakit nais ninyong maging mayor ng Makati?**

**ERWIN "JUN-JUN" BINAY :** Eto ang napagdesisyunan ng grupo namin at siyempre gusto kung ipagpatuloy ang lahat ng nasimulan ng father (incumbent Makati mayor and vice presidential candidate Jejomar Binay) ko. I would like to continue my father's legacy; enhances programs and projects and add more benefits to our constituents.



**Ano ang tatlong bagay kung bakit kayo ang dapat iboto ng mga taga-Makati?** Una, I have the credentials, graduate ako ng Ateneo at UP; I have the experience; I have the moral ascendancy.

**Tatlong bagay na inyong gagawin sa unang 100 araw ninyo sa puwesto kung sakaling kayo ay mahalal?** Magpo-focus ako sa health, education and social services.

**I-rank mula sa pinaka importante hanggang sa least important ang tatlong sumusunod na problema ng Makati at bakit? squatters, garbage, illegal gambling peace amnd order, drugs?** Ang problem sa informal settlers-secondary na lang yan dito sa Makati. Sobrang liit na lang ng problema dyan kasi relocated na most of them. As to gambling, wala namang casino sa Makati. It's not an issue in Makati . In fact nabibilang lang ang lotto outlets dito.


**Ano sa tingin ninyo ang pinakamabigat na problema ng Makati?** Eployment! Big issue iyan hindi lang dito sa Makati kundi sa buong mundo.

**Papaano kaya ito masosolusyunan** ? Good social services department at tinutulungan ang mga mahihirap. I- stimulate na magkaroon ng trabaho.

**Ano ang tatlong bagay na meron kayo na wala ang mga kalaban ninyo?** credentials, experience or competence, moral ascendancy and health.

**Ano rin naman ang tatlong bagay na meron ang mga kalaban mo na wala ka?** Wala akong masyadong maraming asawa.

**Ang problema ng kawalan ng trabaho, squatters, kahirapan ay ugat daw kasing malaking populasyon? Anong uri ng family planning ang ipaiiral ninyo o ikakampanya ninyo sakaling kayo ay manalo?** We are relatively a small city, madaling i-manage. Focus on social services that's why maraming benefits for our children, senior citizens kaya dapat talagang tutukan.




**Sa lahat ng makakalaban ninyo, sino sa tingin ninyo ang pinakamabigat ninyong makaka-tunggali, at bakit?** Si Vice-Mayor Mercado – although he is far second. Si Butch (Aquino) and (Erwin) Genuino, pareho lang sila statistically tied, they are both far 2nd and 3rd.

*Editor: Dahil sa gusto ng Bandera na makatulong sa pagpili ng inyong mga iboboto sa Mayo 10, isa-isa naming ipakikilala sa inyo ang inyong mga kandidato sa pagkaalkalde sa Metro Manila. Para sa komento, reaksyon at tanong mag-text sa 09295466802 o kaya ay sumulat sa newscolumn@bandera.ph*

### Silipin ang lifestyle ni Junjun

**BANDERA: Ilang bahay meron kayo sa loob at labas ng Makati? Sa labas ng bansa?**

**BINAY:** I have property in Nasugbu, Batangas pero Im still living with my father . Sa ibang bansa wala.

**Sa bahay na tinutuluyan ninyo ngayon ilang silid at cr meron ito?** 6 rooms at 6 bathrooms.

**Ilan ang inyong kasambahay?** more or less 5. Maraming umaalis, maraming pumapalit...

**Ano ang pangunahing pinagkakakitaan ng inyong pamilya?** Dito lang sa city government. As of the moment wala akong business .

**Rough estimate ng family income?** Kung ano lang ang kinikita ko sa city government, yun lang. I can't remember the exact figure we will just give you the copy of my (Statement of) Asset and liabilities (and networth).

**Ano ang top five expenses ng pamilya?** Kids, I send them to school, food, clothing o basic services of my children.

**Saan po nag-aaral ang inyong mga anak?** Montessori, Assumption

**Ilang sasakyan meron kayo?** I have 2. Mitsubishi space gear at Honda jazz.

**Kanino nakapangalan?** Basically sa akin (nasa SALN) ko.

**Ilang ang inyong driver?** I have 2 from city government.

**Ano ang tatlong bagay na labis ninyong kinahihiligan?** Shooting, praying doon lang nauubos oras ko. I go to church everyday.

**Magkano ang ilalabas ninyong pera para sa eleksyong ito?** Kung ano ang kinakailangan limited P3 per registered voter P5 for the party.

**Sino ang top three fund contributors ninyo?** Wala pa sa ngayon

## ERNESTO MERCADO

ISA sa pinakaaabangan na bakbakan sa pagka-mayor sa Metro Manila ay ang sa lungsod ng Makati. Dahil kilala nga ang Makati bilang "Binay country", kayanin kaya ni Vice Mayor Ernesto Mercado, ang lakas ng isang Binay?

Narito ang panayam ng Bandera kay Mercado.

**BANDERA: Ano ang dahilan kung bakit nais ninyong maging mayor ng Makati?**

**ERNESTO MERCADO:** Ang gusto ko lang ay makapaglingkod. Ipagpatuloy ang paglilingkod sa ating mga kababayan sa Makati.

**Ano ang tatlong bagay kung bakit kayo ang dapat iboto ng mga taga-Makati?** Una ay karanasan, kasi ang karanasan walang eskwelahan at libro. Two terms akong naging konsehal sa 2nd district ng Makati, three terms naging vice mayor. Noong 1998-2001, itinatag ko ang pinakamalaking foundation, ang KASANIB foundation.



**Tatlong bagay na inyong gagawin sa unang 100 araw sa puwesto kung kayo ay mahalal?** Katulad ng sinasabi ko sa aking kampanya sa unang 100 araw ng aking panunungkulan sakaling palarin sa darating na eleksyon gagamutin ko ang sugat na nilikha ng laman ng pulitika. Lilinisin ko ang social services department para higit na mapaglingkuran ang mamamayan ng Makati, at lilinisin ang licensing office o business permit office.

**I-rank mula sa pinaka importante hanggang sa least important ang mga sumusunod na problema -- squatters, garbage, peace and order, drugs, illegal gambling?** Drugs. Ipagmamalaki mo ko diyan. Mula ng ako ay maging vice-mayor, taun-taon pinaparangalan ang Makati police. Ang Makati anti-drug council naging sikat sa pagbibigay parangal.

Illegal gambling--ipinangako ko yan sa Makati, ipasasara ko ang lahat ng sugal dito.

Garbage- wala namang problema sa basura. Nasa ayos naman dahil kung saan ang itinatakdang tapunan ng MMDA ay doon lang kami.

**Ano sa tingin ninyo ang pinakamalaking problema ng Makati?** Corruption, illegal gambling, bahay aliwan at kung paano ko gagamutin ang kaisipan ng mga taga city hall na dapat maglingkod sa mga tao ng walang kinakampihan kahit kalaban pa.

**Paano kaya ito masosolusyunan?** Ang no. 1 solution dIyan ay political will.

**Ano ang tatlong bagay na meron kayo na wala ang mga kalaban ninyo?** Political will, ang pagiging praktikal ko sa pagdedesisyon at mahilig akong makipag-dayalogo.

**Ano naman ang tatlong bagay na meron sila na wala kayo?** Hindi ko pwedeng sagutin ang para sa kanila at sila lang ang makakasagot nun.

**Ang problema ng squatters, kahirapan, kawalan ng trabaho ay nag-ugat daw sa malaking populasyon? Anong uri ng family planning ang ipaiiral ninyo o ikakampanya ninyo kung kayo ay mananalo?** Tungkol sa squatters sa panahon namin ni Mayor Binay ay naipaghanda na kung saan dadalhin ang mga ito, sila ay dadalhin sa San Jose Del Monte, Bulacan at Calauan na kung saan fully developed naman, mayroong eskwelahan, barangay, ospital pero ang importante ay mayroon silang livelihood o pinagkikitaan.

Tungkol sa populasyon. Ako ay pro-life kaya kakampi ako ng simbahan. Pero kailangan pa ring turuan ang mamamayan at ipaunawa sa kanila ang problema ng kahirapan ng buhay. Sa ngayon kung sino pa ang mahirap siya ang maraming anak. Wala kasing disiplina… natural birth control yun ang palalakasin ko. Hindi ako takot sa Simbahang Katoliko pero takot ako sa Diyos.

**Sa lahat ng makakalaban ninyo, sino sa tingin ninyo ang pinakamabigat ninyong katunggali, at bakit?** To be honest, ang pinakamabigat kung kalaban ay si Binay kasi Binay is Binay for 24 years… Pero sabi nga nila iba naman ang tatay sa anak at kung si Junjun at Mercado daw, walang kalaban–laban si Binay but because of the endorsement of the father medyo mahirap. Influence ng pag-endorso ng isang ama sa kanyang anak medyo mabigat.

### Anong lifestyle meron si Mercado?

**BANDERA: Ilang bahay meron po kayo sa loob at labas ng Makati? Sa labas ng bansa?**

**MERCADO:** West Rembo, Makati. Sa Rockwell pero ang nakatira na ang anak ko. May bahay kami sa resort ko sa Laguna, maliit na bahay sa Antipolo. Sa ibang bansa ay wala.

**Sa bahay na tinutuluyan ninyo ngayon ilang silid at cr meron ito?** 5 rooms, 5 cr at 5 bathroom

**Ilan po ang inyong kasambahay?** Marami kaming kasambahay kasi lahat ng empleyado namin dito ay sa amin nakatira. Lahat ng tauhan namin ay dito kumakain. Ipinagmamalaki ko na kung ano ang kinakain namin ay pareho lang din sa kinakain nila.

**Ano ang pangunahing pinagkakakitaan ng pamilya?** Mayroon kaming maliit na resort, trading, beauty shop, surveying office at construction office.

**Rough estimate ng family income?** Ang income namin ay magpapatunay na nagbabayad ako ng more than P2 million a year. ( Ibinigay pa ni Mercado ang kopya ng kanyang ITR)

**Ano ang top five expenses ng pamilya?** Pagkain, kuryente, gasoline, salaries ng mga empleyado.

**Ilang sasakyan meron kayo at kani-kanino nakapangalan?** Walang nakapangalan sa akin pero si misis at lahat ng mga anak ko meron. RAV 4, Nissan patrol, SUV BMW, Suzuki.

**Ilan ang inyong driver?** Dalawa ang driver ko nagpapalitan lang.

**Saan nag-aaral ang inyong mga anak?** sa Colegio de Sta. Rosa, Manila.

**Ano ang tatlong bagay na labis ninyong kinahihiligan?** Mamasyal sa barangay, pumasok sa opisina at magtrabaho.

**Magkano ang ilalabas ninyong pera ngayong eleksyong ito?** Kung ano lang ang itinatakda ng Comelec.

**Sino po ang top 3 fund contributors ninyo?** To be honest, hindi ako tumatanggap ng contributions kasi ayokong magkaroon ng utang na loob. Ok lang kung walang kapalit pero pag may kapalit hindi bale na lang. Wala akong donasyon na tatanggapin na may kapalit kasi diyan magsisimula ang graft and corruption.